# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang sakuna na dulot ng isang pandemya na nagreresulta sa hindi pangkaraniwang sakit at pagkawala ng buhay, at nakakaapekto sa higit sa 140,000 at lumalaki, at kinuha ang buhay ng libu-libong mga residente; at,

**SAPAGKAT**, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa kalusugan ng publiko, ang pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang pag-andar ng pamahalaan ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, mahalaga na ang mga taga-Illinois na nagkakasakit ay kayang magamot ng mga medikal na propesyonal, lalo na kapag kinakailangan ang kama ng ospital, kama sa pang-emerhensiyang silid, o bentilador; at,

**SAPAGKAT**, mahalaga na ang lakas-paggawa ng pangangalagang pangkalusugan at unang tumutugon ng Estado ay may sapat na personal protective equipment (PPE) upang ligtas na tratuhin ang mga pasyente, tumugon sa mga sakuna sa pampublikong kalusugan, at pigilan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit; at,

**SAPAGKAT**, habang pumapasok ang Illinois sa ika-limang buwan ng pagtugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bago na malubhang talamak na sakit sa paghinga na kumalat at patuloy na kumalat nang mabilis sa mga tao sa pamamagitan ng mga transmisyon sa paghinga at patuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga unang tumugon at mga gobyerno sa buong Estado ay walang uliran; at,

**SAPAGKAT**, ang World Health Organization ay ipinahayag ang COVID-19 na isang Pampublikong Emerhensiya sa Kalusugan na may Internasyonal na Pagmamalasakit noong Enero 30, 2020, at idineklara ng Kalihim ng Kalusugan at Serbisyo ng Estados Unidos na ang COVID-19 ay nagtatanghal ng isang pampublikong emerhensiya sa kalusugan noong Enero 27, 2020; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 11, 2020, inilarawan ng World Health Organization ang pagsiklab ng COVID-19 bilang isang pandemya, at ngayon ay iniulat na higit sa 9 milyong napatunayan na mga kaso ng COVID-19 at 475,000 pagkamatay na nauugnay sa COVID-19 sa buong mundo; at,

**SAPAGKAT**, sa kabila ng mga pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ipinahiwatig ng World Health Organization at ng pederal na Centers for Disease Control and Prevention (CDC) na ang birus ay inaasahang patuloy na kumakalat at sa katunayan, ay patuloy na kumalat nang mabilis, na nagreresulta sa pangangailangan para sa pederal at pamahalaan ng Estado na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 9, 2020, Ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, ay ipinahayag na lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad bilang tugon sa pagsiklab ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang pambansang sitwasyong pang-emerhensiya alinsunod sa Seksyon 501(b) ng Robert T. Stafford Disaster Relief and Emergency Assistance Act, 42 U.S.C. 5121-5207 (ang "Stafford Act"), na sumasaklaw sa lahat ng mga estado at teritoryo, kabilang ang Illinois; at,

**SAPAGKAT**, noong Marso 26, 2020, idineklara ng Pangulo ang isang malaking sakuna sa Illinois alinsunod sa Seksyon 401 ng Stafford Act; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 1, 2020, dahil sa napakalawak na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Abril 30, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, ang nanganganib na kakapusan ng mga kama sa ospital, mga kama ng kwartong pang-emerhensiya, at mga bentilador, at hindi sapat na kakayahan sa pagsusuri, muli kong idineklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, noong Mayo 29, 2020, dahil sa patuloy na pagkalat ng COVID-19 sa Illinois, at ang epekto ng birus sa kalusugan at ekonomiya, at ang pangangailangan na dagdagan ang kapasidad sa pagsusuri, idineklara ko ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang lugar ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, dahil ang mga pangyayari na nakapaligid sa COVID-19 ay mabilis na nagbabago at lumilitaw ang mga bagong ebidensya, madalas na nagbabago ang mga impormasyon at patnubay sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang walang uliran na likas na katangian ng COVID-19, kabilang ang mga resulta nito sa kalusugan hindi lamang sa respiratory system pero gayon din sa puso, utak, mga bato, at ang immune response ng katawan, ay ginawang mahirap hulaan ang mga epekto at landas ng birus; at,

**SAPAGKAT**, mula sa simula, iminumungkahi ng data na ang mga matatandang may sapat na gulang at mga may malubhang saligang kondisyon sa kalusugan ay mas malamang na makakaranas ng malubha at kung minsan ay nakamamatay na mga komplikasyon mula sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang mga umuusbong na ebidensya ay ipinapakita na ang mga kabataan, kabilang ang mga sanggol at mga bata, ay nasa panganib din ng naturang komplikasyon; at,

**SAPAGKAT**, na ang isang makabuluhang proporsyon ng mga naospital na pasyente ng COVID-19 ay binubuo ng mga bata at nasa hustong gulang na tao , at mayroong katibayan na ang COVID-19 ay nagdudulot ng mga namuong dugo at mga atake, at nagdulot ng mga nakamamatay na atake sa mga bata at nasa hustong gulang na mga tao na nagpakita ng ilang mga sintomas; at,

**SAPAGKAT**, ang pag-unawa sa pagkalat mula sa mga nahawaang indibidwal na hindi nagpakita ng mga sintomas ay nagbago at, noong Abril 12, 2020, binago ng CDC ang panahon ng panganib ng pagkakalantad mula sa "pagsisimula ng mga sintomas" hanggang sa "48 na oras bago ang simula ng sintomas"; at,

**SAPAGKAT**, ang ilang mga tao na nahawaan ng birus ay mananatiling walang sintomas ngunit gayunpaman ay maaaring kumalat ito sa iba; at,

**SAPAGKAT**, kahit na unang kinontra ng CDC ang pagsusuot ng mga takip sa mukha o mga antipas bilang proteksyon, bilang resulta ng pananaliksik sa pagkakahawa mula sa mayroon at walang sintomas, binago ng CDC ang kanilang konklusyon at inirekomenda ang pagsusuot ng mga telang takip sa mukha sa mga pampublikong paligid kung saan mahirap panatilihin ang pagitan mula sa kapwa-tao; at,

**SAPAGKAT**, ang pananaliksik sa pampublikong kalusugan at patnubay ay patuloy na sumusuporta sa pagsusuot ng mga telang takip sa mukha sa mga pampublikong paligid kung saan mahirap panatilihin ang pagitan mula sa kapwa-tao, at ipinahiwatig na ang panganib ng transmisyon mula sa labas ay mas mababa kaysa sa panganib ng transmisyon mula sa loob; at,

**SAPAGKAT**, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

**SAPAGKAT**, sa oras na inilabas ko ang unang Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, mayroong 11 na napatunayang mga kaso ng COVID-19 sa isang probinsiya ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, simula ngayon, Hunyo 26, 2020, mayroong higit sa 140,000 na nakumpirmang kaso ng COVID-19 sa 101 na probinsiya ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, ang unang kamatayan na may kaugnayan sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

**SAPAGKAT**, simula ngayon, Hunyo 26, 2020, higit sa 6, 800 na mga residente ng Illinois ay namatay dahil sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, mula sa simula, iminumungkahi ng mga pag-aaral na ang bawat kumpirmadong kaso ay may maraming hindi kilalang kaso, ang iba sa kanila ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

**SAPAGKAT**, tinantiya ngayon ng CDC na para sa bawat naiulat na kaso ng COVID-19, mayroong 10 na hindi naiulat na impeksyon, na nagreresulta sa bilang ng kabuuang mga kaso sa bansa na maaaring 10 na beses na mas mataas kaysa sa kasalukuyang iniulat; at,

**SAPAGKAT**, bagaman ang bilang ng mga bagong kaso ng COVID-19 ay nagsimulang bumaba sa mga nakaraang linggo, patuloy pa ring hinahawaan ng birus ang libu-libong mga indibidwal at inaangkin ang buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

**SAPAGKAT**, habang ang mga pag-iingat na ginagawa ng mga taga-Illinois ay humantong sa isang matarik na pagbaba sa bilang ng mga kaso ng COVID-19 at pagkamatay sa Estado sa mga nagdaang linggo, ang iba pang mga estado na tinanggihan ang mga pag-iingat para sa pampublikong kalusugan o pag-angat nang maaga sa mga pag-iingat ay nakakaranas ng paglaki at nagtala ng mataas na bilang ng mga kaso; at,

**SAPAGKAT**, noong Hunyo 25, 2020, iniulat ng U.S. ang mahigit sa 40,000 na bagong kaso ng COVID-19, isang mataas na bilang; at,

**SAPAGKAT**, nagbabala ang mga eksperto sa pampublikong kalusugan ng "pangalawang alon" ng mga kaso ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang COVID-19 ay inangkin ang mga buhay ng at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa hindi kapani-paniwalang mataas na bilang – na sumasalamin sa mga makabuluhang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay pinagalaw ang Emergency Operations Plan ng Illinois at ang Emergency Support Function 8 Plan upang ayusin ang mga pagsisikap na tugon ng mga ospital, mga lokal na kagawaran ng kalusugan, at mga sistema ng pang-emerhensiyang pamamahala upang maiwasan ang biglang pagdami ng pangangailangan sa mga kapasidad at mapagkukunan ng ospital; at,

**SAPAGKAT**, habang ang birus ay kumakalat sa Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang nagbabago na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay kayang ibigay ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naaayon sa patnubay mula sa CDC, na patuloy na pinapabuti; at,

**SAPAGKAT**, upang masiguro na ang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, mga ospital, at iba pang mga pasilidad ay kayang ibigay ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois, and Estado ay dapat magkaroon ng mga mamahalagang suplay, kabilang ang PPE, tulad ng mga antipas, mga kalasag sa mukha, mga gown, at mga guwantes; at,

**SAPAGKAT**, and Estado ng Illinois ay pinapanatili ang pag-imbak na sinusuportahan ang umiiral ng suplay ng PPE at mga inimbak sa iba't-ibang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, habang ipinagpapatuloy ng Estado ang pagsisikap na makakuha ng PPE, kapag ang mga nasabing pagsisikap ay naantala o kapag nakaranas ang Illinois ng pagtaas ng mga kaso sa COVID-19, nahaharap ang Estado sa kakulangan ng mga respirator, mga antipas, mga proteksiyon sa mata, mga kalasag sa mukha, mga guwantes, mga gown, at iba pang mga

pananggalang na kagamitan para sa mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga unang tumutugon na maaaring banta sa kanilang buhay; at,

**SAPAGKAT**, habang nabawasan ang mga naoospital, gumagamit ang Illinois ng mahalagang porsyento ng mga kama sa ospital at mga kama sa ICU, at, kapag tumaas ang mga kaso ng COVID-19, maaaring nahaharap ang Estado sa kakulangan ng mga mahahalagang mapagkukunan para sa pangangalagang pangkalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ay nakipagtrabaho sa mga nangungunang mananaliksik mula sa Unibersidad ng Illinois at Urbana-Champaign, ang Paaralan ng Medisina ng Northwestern, Unibersidad ng Chicago, ang mga Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Chicago at Illinois, kasama ang McKinsey at Mier Consulting Group, at Civis Analytics, upang pag-aralan ang mga datos sa pagkamatay dahil sa COVID-19 at paggamit ng ICU at ihulma ang mga potensyal na kalalabasan; at,

**SAPAGKAT**, ipinapakita ng modelo ng Estado na ang hulihan ng epi curve ng COVID-19 ay umaabot ng maraming linggo; at,

**SAPAGKAT**, ang modelo ng Estado ay patuloy na nagpapakita na ang kawalan ng malawakang pagpapanatili ng pagitan mula sa kapwa-tao at iba pang pag-iingat, nahaharap ang Estado sa kakulangan ng mga kama sa ospital, mga kama sa ICU at/o mga bentilador; at,

**SAPAGKAT**, sa loob ng krisis sa COVID-19, ang Estado ay nahirapan sa bilang ng mga pagsusuri para sa COVID-19 na maaaring kunin at iproseso dahil sa limitadong bilang ng mga lugar ng pagsusuri at mga laboratoryo, pati na rin ang kakulangan ng mga kinakailangang suplay, kabilang ang mga swab na kailangan upang kumuha ng mga sampol; at,

**SAPAGKAT**, sa panahon na inilabas ko ang unang Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang Illinois ay may kakayahan na subukan ang hindi hihigit sa ilang daang tao bawat araw para sa COVID-19 sa isang maliit na bilang ng mga lugar ng pagsusuri; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ay gumawa ng mga lugar ng pagsusuri sa buong Illinois at kahapon ay lumampas sa 30,000 na mga pagsusuri sa isang araw, at ang kapasidad ng pagsusuri ay patuloy na tumataas; at,

**SAPAGKAT**, umabot sa 1.5 milyon na ispesimen ang nasuri ng Illinois para sa COVID-19l; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pambansang projection na iniakma para sa populasyon ng Illinois ay iminumungkahi na ang Estado ay dapat patuloy na dagdagan ang bilang ng mga pagsusuri na ginagawa bawat araw bilang bahagi ng isang mabisang pagsisikap na permanenteng pabagalin at bawasan ang pagkalat ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng pagkawala ng higit sa 6,800 na mga taga-Illinois at pagwasak sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libo pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malaking pagkalugi ng ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan sa pananalapi ng mahalagang bilang ng mga indibidwal at negosyo sa buong bansa at Estado; at,

**SAPAGKAT**, sa buong bansa, 47 milyong katao ang nagpahayag ng kawalan ng trabaho mula nang magsimula ang pandemya – na kumakatawan sa isa sa apat na manggagawa sa Estados Unidos; at,

**SAPAGKAT**, inihayag ng Kagawaran ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Illinois na ang dami ng walang trabaho sa Estado ay tumaas ng 16.4% noong Abril, at may 762,000 na trabaho ang nawala sa naturang buwan; at,

**SAPAGKAT**, inihayag ng Kagawaran ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Illinois na ang bilang ng kawalan ng trabaho ay 15.2% noong Mayo, at ang mga pangunahing industriya sa Illinois tulad ng pang-libangan at pagmamagandang-loob, transportasyon at mga serbisyo sa kalusugan ay partikular na naapektuhan simula Marso hanggang Mayo; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Seguridad sa Pagtatrabaho ng Illinois ay tumutugon sa krisis sa ekonomiya sa maraming paraan, kabilang ang programang Pandemic Unemployment Assistance; at,

**SAPAGKAT**, higit sa 180,000 na maliliit na negosyo sa Illinois ang nakatanggap ng higit sa $22 bilyon na suportang pinansyal kaugnay ng COVID-19 sa pamamagitan ng pederal na Paycheck Protection Program sa pagsisikap na maiwasan ang pagsasara ng mga negosyong ito; at,

**SAPAGKAT**, ang Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad sa Ekonomiya ay kumikilos upang tugunan ang krisis sa ekonomiya, kabilang ang mga programa ng tulong gaya ng Business Interruption Grants Program para sa mga negosyo na nakaranas ng limitadong abilidad na umandar dahil sa mga pagsasara na may kaugnayan sa COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang pagkalugi ng ekonomiya at kawalang-katiyakan na dulot ng COVID-19 ay nagbabanta sa kakayahang kumita ng negosyo at ang pag-access sa pabahay, pangangalagang medikal, pagkain, at iba pang mga kritikal na mapagkukunan na direktang nakakaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga naunang katotohanan, at pagsasaalang-alang sa inaasahang patuloy na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama ng mga tao sa buong Estado, ang kasalukuyang mga pangyayari sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng isang emerhensiya sa pandemya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, batay sa nabanggit, ang patuloy na pasanin sa mga mapagkukunan para sa ospital, ang mga potensyal na kakulangan ng mga mapagkukunang ito kung sakaling magkaroon ng pagdami ng mga impeksyon, at ang kritikal na pangangailangan upang madagdagan ang pagbili at pamamahagi ng PPE pati na rin ang pagpapalawak sa kapasidad ng pagsusuri sa COVID-19 ay bumubuo ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na maging handa upang matugunan ang anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magawa ang mga karagdagang mapagkukunan ng Estado upang matiyak na ang ating sistema ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang pagsilbihan ang mga may sakit at ang mga taga-Illinois ay manatiling ligtas at siguradong makakakuha ng pangangalagang medikal; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa Estado sa pagpapadali ng pagbawi ng ekonomiya para sa mga indibidwal at mga negosyo sa isang pagsisikap upang maiwasan ang karagdagang mapangwasak na mga kahihinatnan mula sa katatagan ng ekonomiya na dulot ng COVID-19; at,

**SAPAGKAT**, ang proklamasyong ito ay tutulong sa mga ahensya sa Illinois sa pag-uugnay sa mga mapagkukunan ng Estado at Pederal, kabilang ang mga materyales na kinakailangan sa pagsusuri sa COVID-19, personal na kagamitan sa proteksyon, at mga gamot, sa isang pagsisikap na suportahan ang mga tugon ng Estado pati na rin ang mga tugon ng mga lokal na pamahalaan sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan; at,

**SAPAGKAT**, ang mga kondisyong ito ay nagbibigay ng ligal na katwiran sa ilalim ng Seksyon 7 Emergency Management Agency Act ng Illinois para sa pagpapalabas ng bagong pagpapahayag ng kalamidad; at,

**SAPAGKAT**, ang Saligang Batas ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, ay isinaad na "ang Gobernador ay magkakaroon ng kataas-taasang kapangyarihan ng ehekutibo, at magiging responsable para sa matapat na pagpapatupad ng mga batas," at isinaad, Paunang Salita, na ang pangunahing layunin ng Saligang Batas ng Illinois ay "nagbibigay para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao";

**NGAYON, SAMAKATWID**, sa interes ng pagtulong sa mga tao ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, Ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay ipinapahayag ang mga sumusunod:

**Section 1**. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, 20 ILCS 3305/7, nalaman kong ang isang sakuna ay umiiral sa loob ng Estado ng Illinois at partikular na idinideklara ang lahat ng mga probinsiya sa Estado ng Illinois bilang isang

lugar ng kalamidad. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng mga kapangyarihang pang-emerhensiya na isinaad sa Seksyon 7 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Section 2**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ang Emergency Management Agency ng Illinois ay inatasan na makipag-ugnay sa bawat isa tungkol sa pagpaplano at pagtugon sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Section 3**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay inatasan na makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad, kabilang ang mga lokal na awtoridad sa pampublikong kalusugan, sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano upang maprotektahan ang pampublikong kalusugan kaugnay ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Section 4**. Ang Emergency Management Agency ng Illinois ay inatasan upang ipatupad ang Emergency Operations Plan ng Estado upang ayusin ang mga mapagkukunan ng Estado para masuportahan ang mga lokal na pamahalaan sa mga pagtugon sa sakuna at pagbangon.

**Section 5**. Upang matulungan ang emerhensiyang pagbili ng mga kinakailangan para sa pagtugon at iba pang mga kapangyarihan pang-emerhensiya na awtorisado ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay iwasan, hadlangan o antalahin ang mga kinakailangang aksyon na kayahin ang sakuna ay sinuspinde sa lawig na hindi sila hinihiling ng pederal na batas. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring gumawa ng naaangkop na aksyong ehekutibo upang suspindihin ang mga karagdagang batas, mga utos, mga panuntunan, at mga regulasyon.

**Section 6**. Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, 20 ILCS 3305/7(3), ang proklamasyong ito ang nagpapagana sa awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, upang ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga kagawaran ng Estado at mga ahensya o yunit nito para sa layunin ng pagganap o pagpapadali ng mga programa ng pagtugon sa emerhensiya.

**Section 7**. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois, ang Kagawaran ng Pangangalaga sa Kalusugan at Serbisyo ng Pamilya ng Illinois ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matiyak ang pinalawak na pag-access sa pagsusuri para sa COVID-19 at ang mga konsumidor ay hindi nahaharap sa pinansyal na hadlang sa pag-access sa pagsusulit na pagsusuri at mga serbisyo sa paggamot para sa COVID-19.

**Section 8**. Ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Illinois ay inatasan na magrekomenda, at, kung naaangkop, gumawa ng mga kinakailangang aksyon upang matugunan ang anumang epekto sa pag-aaral na nauugnay sa kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan at upang maibsan ang anumang mga hadlang sa paggamit ng malayuang pag-aaral sa panahon ng proklamasyong ito na umiiral sa Illinois School Code, 105 ILCS 5/1-1 et. seq.

**Section 9**. Ang lahat ng mga ahensya ng Estado ay inatasan na makipagtulungan sa Gobernador, iba pang mga ahensya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano na makayanan at bumangon mula sa pang-ekonomiyang epekto ng kasalukuyang emerhensiya sa pampublikong kalusugan.

**Section 10**. Alinsunod sa Seksyon 7(14) ng Emergency Management Agency Act ng Illinois, 20 ILCS 3305/7(14), tinaasan ang presyo ng mga kalakal o serbisyo, kabilang ang mga medikal na panustos, proteksiyon na kagamitan, mga gamot at iba pang mga kalakal na inilaan upang makatulong sa pag-iwas sa o paggamot at pagbangon mula sa COVID-19, ay ipinagbabawal sa Estado ng Illinois habang ang proklamasyon na ito ay may bisa.

**Section 11**. Ang proklamasyon na ito ay maaaring mapabilis ang mga kahilingan para sa pederal na emerhensiya at/o tulong sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagtatasa sa pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong pagbangon ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at apektadong mga lokal na pamahalaan.

**Section 12**. Para sa mga layunin ng Senate Bill 2135 (101st General Assembly), Artikulo 15, seksyon 15-5, sinususugan ang Open Meeting Act, bagong seksyon 5 ILCS 120/7(e)(4), nalaman ko na ang mga alalahanin sa pampublikong kalusugan na isyu sa proklamasyon na ito ay hindi pwede ang personal na pagdalo ng higit sa limampung tao sa regular na lokasyon ng pagpupulong.

**Section 13**. Ang proklamasyon na ito ay magiging epektibo kaagad at mananatiling epektibo sa loob ng 30 araw.

**Bilang patunay sa lahat ng ito**, *lumalagda ako at itinatatak ko ang Dakilang Selyo ng Estado ng Illinois.*

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng Springfield, sa ika-26 na araw ng Hunyo, sa Taon ng Ating Panginoon, dalawang libo at dalawampu, at ng Estado ng Illinois dalawang daan at pangalawa.*

KALIHIM NG ESTADO GOBERNADOR